EARTHQUAKE WARNING CALIFORNIA: MGA HAKBANG PARA MAGHANDA

1. Earthquake Warning California

Hindi pa rin mahulaan ng mga siyentipiko ang mga lindol, pero salamat sa bagong teknolohiya, mga indibidwal at organisasyon na pwedeng potensyal na tumanggap sa ilang segundo ng babala para makagawa ng angkop na mga pag-iingat para sa kaligtasan bago mangyari ang lindol. Ginagamit ng Earthquake Warning California ang California Integrated Seismic Network, na isang samahan sa pagitan ng Cal OES, United States Geological Survey (USGS), US Berkeley, ang California Institute of Technology, at ang California Geological Survey. Gumagamit ang system ng mga sensor sa paggalaw ng lupa para matukoy ang mga lindol na nagsisimula na at matantya ang kanilang sukat, lokasyon, at epekto. Kapag ito ay makatukoy ng makabuluhang magnitude®, ang sistema ay mag-iisyu ng mensahe sa ShakeAlert , na magbibigay ng babala bago magsimula ang pagyanig.

DON'T GET CAUGHT OFF GUARD

Pwedeng mangyari ang lindol sa California anumang oras. Naninirahan ka man o bisita, kailangan mong tumugon ng mabilis para mabawasan ang mga pinsala o panganib. Sa panahon ng lindol, pwedeng ma-block ang mga ruta sa paglalakbay, ang dumadaloy na gas o tubig ay maaaring makumpromiso ang kaligtasan, at maaaring limitado ang access sa teknolohiya. Kritikal ang paghahanda.

Isinulat ng California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) ang sheet ng tip na ito na may kasamang mapagkukunan para sa paghahanda sa lindol.. Paki-share ang impormasyong ito at himukin ang iba pa sa iyong komunidad na makibahagi sa pagpaplano para sa emerhensya. Ang mas higit na mapagkukunan ay available sa earthquake.ca.gov.

Para makatanggap ng mga babala ng lindol, pwedeng i-download ng mga indibidwal at miyembro ng pamilya ang MyShake App at siguraduhing naka-adjust ang mga setting ng telepono para makatanggap ng mga alerto ng emerhensya kasama ang:

- **Wireless Emergency Alerts (WEAs):** Walang bayad na mga mensahe sa text para sa mga sitwasyong emerhensya (magnitude 5.0 o mas mataas at pagyanig na Modified Mercalli Intensity IV);

- **MyShake App:** Ang libreng app sa smartphone na nagbibigay sa mga user ng iPhone at Android na may mga babala na audio at visual (magnitude 4.5 o mas mataas at mga pagyanig na Modified Mercalli Intensity III). Available sa mga store ng Apple App at Google Play; at

- **Mga Android Earthquake Alert:** Los teléfonos Android con sistema operativo actualizado son suscritos automáticamente a Android Earthquake Alerts, , la cual usa la misma tecnología que MyShake App.

Mga Pakinabang at Paggamit

Mga Provider ng Kuryente

- Madalas nawawalan ng kuryente habang nagaganap at pagkatapos ng malakas na lindol. Ang mga provider ng utility ay maaaring maghanda ng kagamitan sa pamamagitan ng Babala sa Lindol ng California upang mabawasan ang pinsala nang walang pagkakagastusang negatibong epekto.
- Ang mga provider ng utility ay maaaring maglagay ng mga mapagkukunang nauugnay sa Babala sa Lindol ng California sa mga estratehikong lokasyon upang makamit ang pinakasulit na pakinabang sa pinakamababang halaga. Halimbawa, hindi ito naaangkop na i-apply ang mga sistema ng babala ng lindol na awtomatikong pag-shut-off ng substation o ang mga transformer na nagsu-supply ng kuryente sa mahahalagang serbisyo sa mga ospital, ahensya ng transportasyon, elevator, o saan mang bahagi ng power grid na magiging sanhi ng pag-shut down ng natural na gas sa labas ng lugar.
- Tasahin ang potensyal na negatibong epekto ng isang lindol sa kabuuan ng heograpikong rehiyon at alamin kung naaangkop ang mga awtomatikong pagpatay upang mabawasan ang mga sekundaryong pinsala.

Mga Provider ng Gas

- Karaniwang mahina sa lindol ang mga kagamitan sa gas dahil sa kabuuan ito ay naglalakbay sa pamamagitan ng network sa ilalim ng lupa ng mga tubo sa transmisyon at pamamahagi.
- Maaaring magdulot ng matinding sunog ang pagsabog ng gasolina sa panahon at pagkatapos ng lindol. Maaarin mabawasan ng awtomatikong pagkilos na nanauugnay sa Earthquake Warning California ang potensyal na mga sunog dahil sa leak ng gas, pangunahin na sa pamamagitan ng kahalagahan ng awtomatikong pag-shut off.

Mga Provider ng Tubig

- Mahina sa pinsala ng lindol ang mga tagapabigay ng tubig, dahil naglalakbay ang tubig at waterwaste sa pamamagitan ng netwark ng mga tubo sa ilalim ng lupa at may posibilidad na ilang taon na.
- Binibigyang-daan ng mga awtomatikong pagpatay ang mga provider ng tubig na matiyak na ang nakareserbang supply ng tubig ay agad na magagamit, at ang anumang di-paggana ng sistema ay agad na makukumpuni upang mapabilis ang pagpapabalik ng kinakailangang serbisyo.
- Tiyakin na ang mga sistemang pang-backup ay nakahanda at magsisimula pagkatapos ng paglindol.
- Ang pagpapatuloy ng paghahatid ng tubig pagkatapos isang paglindol ay nakasalalay sa mga inhinyero technician, at sinanay na kawani upang sila ay makakilos kaagad.

Paghahanda para sa mga Provider ng Utility

Maliban sa kasiraan na direktang sanhi ng mga paglindol, maaaring mapasimulan ang karagdagang mga peligro bilang sekundaryong epekto, gaya ng pagpalya ng dam, mga pagligwak / pagtagas ng nakapipinsalang materyal, mga bumagsak na linya ng kuryente, at mga elektrikal na sunog. Sa ibaba ang limang tip na pwedeng tumulong sa proseso sa paghahanda:

1. **Magsagawa ng Pagtatasa sa Kahinaan at Panganib.**

   Upang mabawasan ang pagkasira at pinsala na maaaring magresulta mula sa isang lindol, dapat matukoy ng mga provider ng utility ang mga potensyal na aspekto ng kahinaan. Tasahin ang lahat ng daluyan ng utility upang matukoy kung ano ang maaaring pumalya kapag lumindol at kung may mga hakbang na maisasagawa nang mas maaga upang mabawasan ang posibilidad ng sekundaryong sakuna mula sa pinsala sa utility. Tiyakin na ang lahat ng kagamitan ay nakapirmi at hindi madaling mabubuwal kapag lumindol. Tasahin kung kayang patatagin ng pagre-retrofit ang umiiral na kagamitan.

2. **Bumuo ng mga Plano para sa Organisasyon at Pagiging Handa ng mga Empleyado.**

   Ang mga provider ng utility ay dapat mayroong pangkat ng mga planong pang-emerhensya para sa iba-ibang antas ng emerhensya, at bumuo ng mga potensyal na pagtugon para sa bawat sitwasyon. Dapat malinaw na matukoy ng plano ang mga papel at responsibilidad para sa lahat ng antas ng empleyado na kanilang gagampanan bago, sa panahon ng, at pagkatapos ng isang malakas na paglindol. Ang mga hakbang na ito ay dapat din maisama sa mga pang-emerhensyang drill / pagsasanay para sa paghahanda sa mga emerhensya.

3. **Mag-download ng MyShake App at I-adjust ang Mga Setting ng Telepono.**

   Maaaring makadagdag ang MyShake App, Android Earthquake Alerts, at WEAs sa kasalukuyang mga sistema ng babala at magbigay sa mga kawani ng panahon para magtago bago magsimula ang pagyanig. Ipakita sa mga kawani kung ano ang mga tunog at itsura ng babala ng lindol.

   Dapat magsagawa ng mga hakbang ang mga empleyado upang matiyak na ma-activate at marinig ang mga babala sa lindol sa isang sitwasyong pang-emerhensya, gaya ng pagtiyak na gumagana ang WEA at pagtiyak na ang mga setting ng lokasyon ng kanilang telepono ay naka-set sa "palaging naka-on"para sa MyShake App at sa mga Alerto ng Android sa Lindol.

4. **Isama ang mga Babala sa Lindol.**

   Dapat tasahin ng palingkurang-bayan kung alin-aling kakayahan ng kanilang operasyon ang awtomatikong mapapagana bago lumindol, at kung alin-alin ang mabilis na maisasagawa ng mga empleyado habang napapanatili pa rin silang ligtas, gaya ng paglalagay sa ligtas na mode ng makinarya. Ang mga provider ng utility ay maaari ding magpatupad ng mga aparatong nakakonekta sa internet, na kilala rin bilang pagsubaybay o kontrol, upang makapakinig ng mga babala sa lindol. Kapag may inilabas na babala, tinatasa ng software ang babala upang matukoy kung nakakatugon ito sa pamantayan upang ihinto o pasimulan ang kagamitan. Halimbawa, pwedeng ihinto ng software ang umiikot na makinarya, magpatunog ng alarma, o magpatay upang mapigilan ang elektrikal na sunog.

5. **Ibahagi ang Impormasyon sa mga Customer.**

   Ang mga provider ng utility ay napakahalagang serbisyo at makakatulong sa pagbibigay-kaalaman sa malawak na saklaw ng mga grupo ukol sa pagiging handa sa paglindol at sa pagpaplano para mapagaan ang epekto. Isaalang-alang ang pagsasama ng impormasyon tungkol sa kaligtasan sa panahon ng lindol at ang mga mapagkukunan ng Earthquake Warning California sa mga komunikasyon sa customer, kabilang ang mga hakbang na isinasagawa ng organisasyon upang maghanda.

Para sa Higit na Impormasyon:

Pinapangasiwaan ng Cal OES ang Earthquake Warning California Nagbibigay ito sa mga indibidwal, organisasyon, at komunidad ng madaling ma-access na babala sa lindol, at impormasyon tungkol sa pagiging handa sa emerhensya, at mga mapagkukunan. Para sa mga pinakabagong balita at mapagkukunan, bisitahin ang earthquake.ca.gov. Magpadala ng mga katanungan o mga komento sa fact sheet na ito sa earthquakeinfo@caloes.ca.gov.

Para sa impormasyon, mga katanungan, o mga komento na may kinalaman sa fact sheet na ito, esumulat sa Cal OES sa: earthquakeinfo@caloes.ca.gov.

EARTHQUAKE WARNING CALIFORNIA